



BreastScreen
Aotearoa

Tagalog (Tagalog)

**Ngayong nakapagpa-
mammogram ka na**

TimeToBreastScreen.nz

Salamat sa pakikilahok sa BreastScreen Aotearoa. Maaaring iniisip mo kung ano ang susunod na mangyayari. Ipinaliliwanag ng polyetong ito ang proseso.

Ang iyong mammogram ay maingat na susuriin ng dalawang eksperto sa radyolohiya (mga doktor na dalubhasa sa pagbasa ng mga mammogram). Kung ang mga dati mong mammogram ay nasa talaan ng programang ito, paghahambingin nila ang mga ito upang makita kung may anumang pagbabago.

Ang iyong mga resulta ay direktang ipapadala sa iyo sa loob ng 3 linggo. Ipapadala rin ang mga ito sa iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan (hauora provider), maliban kung ipinaalam mo sa amin sa iyong appointment na hindi mo ito nais mangyari. Mangyaring tumawag sa libreng telepono sa numero **0800 270 200** kung hindi mo natanggap ang iyong mga resulta.

Kapag oras na para sa iyong susunod na screening, padadalhan ka ng imbitasyon sa pamamagitan ng email, text, o sulat, na may ligtas na personalisadong link para sa pag-book.

Para sa karamihan ng kababaihan, ito ay tuwing ika-2 taon. Maaari itong maiba para sa mga kababaihang may edad 70 hanggang 74 na muling sasali sa programa dahil sa pinalawig na limitasyon sa edad ng mga kwalipikadong magpa-screening.

Alamin ang higit pa tungkol sa breast screening para sa mga kababaihang may edad 70 pataas sa **TimeToBreastScreen.nz**.





Mahalagang magpa-screen nang regular upang ang anumang pagbabago ay magkaroon ng magandang pagkakataon na matukoy nang maaga, kung kailan mas madaling gamutin.

Minsan may nakikita kami sa iyong x-ray na nangangailangan ng mas masusing pagsusuri. Magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon kung kailangan mong bumalik para sa anumang dagdag na pagsusuri. Tandaan, hindi ito nangangahulugang may kanser sa suso ka, kundi kailangan lamang ng karagdagang impormasyon.

Ikaw ang magpapasya

Nasa sa iyo ang desisyon kung regular kang magpapa-mammogram upang masuri kung may kanser sa suso. Maaari kang umalis (mag-opt out) sa programa anumang oras. Maaari ka ring muling sumali anumang oras, basta't karapat-dapat ka pa rin.

Kung magpasya kang hindi makilahok sa programa, ikaw o ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga (healthcare provider) ay maaari pa ring magpa-iskedyul ng mammogram sa ibang pasilidad o serbisyo, ngunit maaaring hindi ito libre, at ang mga resulta ay hindi itatala sa BreastScreen Aotearoa.

Responsibilidad ng programa na magbigay ng pinakamahusay na posibleng pangangalaga. Kung sa anumang oras ay hindi ka komportable o hindi nasisiyahan sa pangangalagang iyong natanggap, mangyaring ipaalam sa amin. Mahalaga sa amin na patuloy kang bumalik para sa iyong mga regular na mammogram, kaya kung may anumang problema, gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang ayusin ito.

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa **hdc.org.nz/your-rights**

Tandaan

- Ang mga mammogram ay hindi nakakapigil sa kanser, ngunit nakatutulong itong matukoy ito.
- Natutukoy ng mammogram ang karamihan sa mga kanser sa oras ng screening, ngunit humigit-kumulang 10 porsiyento ng mga kanser sa suso ay hindi natutuklasan.

Ang mga posibleng palatandaan ng kanser sa suso ay:

- isang bagong bukol sa suso o kili-kili
- mga pagbabago sa hugis o laki ng suso
- mga pagbabago sa balat ng suso tulad ng paglubog (dimpling), pagkunot (puckering), o pagkapal (thickening)
- mga pagbabago sa utong tulad ng pagpasok paloob, mga sugat, o bagong pangangati
- pagtagas mula sa utong o pagdurugo
- patuloy na pamumula
- pananakit ng suso na hindi nawawala.

Bagama't ang mga palatandaang ito ay maaaring hindi kanser sa suso, mahalagang ipasuri ang mga bagong pagbabago sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa lalong madaling panahon.

Kung masakit ang iyong mammogram ngayon, mahalagang makipag-usap sa mga tauhan ng BreastScreen Aotearoa bago bumalik para sa iyong susunod na pagsusuri. Maaari silang tumulong upang gawing mas komportable ang iyong susunod na pagsusuri.

Tinatanggap namin ang anumang komento tungkol sa iyong pagbisita ngayon at hinihikayat ka naming sabihin sa iyong mga kaibigan ang tungkol sa programa. Umaasa kaming makita ka muli pagkalipas ng 2 taon.



Scan the QR code to access available translations of BSA brochures into languages other than English and formats including Braille, audio, Large Print, Easy Read and NZSL.



**BreastScreen
Aotearoa**

Health New Zealand
Te Whatu Ora

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

This resource is available from **healthed.govt.nz** or your local Authorised Provider. Revised September 2026. **HE10117-TGL**